

**Mangyaring tiyak na basahin.**

フィリピン語

Sa bagong pasok na mga mag-aaral at kagalang-galang na mga magulang,

**Ukol sa Pagsusumite ng Application Form ng Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral sa Senior High School atbp.**

Kung hindi isusumite ang application form bago o sa huling araw ng pagsusumite, kinakailangang magbayad ng kaukulang matrikula.

Ang "Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral" ay sistema na ang pambansang pamahalaan ay nagbabayad ng kaukulang matrikula ng mga mag-aaral na nababagay sa lahat ng kalagayan na nakasaad sa ibaba sa halip ng mga mag-aaral. (Ang bagong pasok na mag-aaral na nasa unang baytang ay kailangang mag-apply nang dalawang beses, sa Abril at Hulyo.) Ang mga mag-aaral na ang kanilang sambahayan ay maliban sa sambahayan na tumatanggap ng suporta sa pamumuhay (*seikatsu hogo*) at ang sambahayan na nag-iisa ang magulang ay maaari ring tumanggap. Hindi ito kailangang isauli, hindi tulad ng scholarship na utangan.

**Ang Kalagayan Upang Makatanggap ng Tulong-Pantustos**

OHindi tataas sa 304,200 yen ang "municipal income tax per-income basis" ng magulang/tagapag-alaga (may karapatan sa bata bilang magulang) sa fiscal year 2015 (*heisei 27*) (halagang binabase sa kita mula noong Enero 1 hanggang noong Disyembre 31, 2014). Hindi kasama dito ang prefectural tax. Kung ang dalawang magulang (ama at ina) ay may kita, ang huwaran ay isasamang halaga ng kanilang kita o "city/town/village resident tax per-income basis".

OHindi lumampas sa 36 buwan ang total na panahon ng pagpapatala sa senior high school atbp. Sa senior high school na panggabing sistema at correspondence system, dapat hindi lumampas sa 48 buwan. Ang mga mag-aaral sa alinmang senior high school na pambansa, pampubliko o pampribado ay maaaring mag-apply.

OKailangang isumite ang application form, tax certificate atbp sa paaralan bago o sa huling araw ng pagsusumite o deadline.

Ukol sa tax certificate atbp, tingnan lamang ang pahina 4.


May pagsusuri para sa pagtanggap ng tulong-pantustos.

Ang resulta ng pagsusuri ng pag-apply ay ipapaalam sa unang bahagi ng Hulyo (balak) sa pamamagitan ng paaralan.

\*Mangyaring basahin mabuti ang "Mga Dapat Ingatan sa Pagsusulat" at "Mga Dapat Ingatan" sa application form (sa ibang papel) bago sulatan ang form. Ang mga magulang atbp na kailangang magpatunay ng taunang kinikita ay "may karapatan sa bata bilang magulang" bilang alintuntunin kung kaya't kailangan ay pagpapatunay ng kalagayan ng may karapatan sa bata bilang magulang. Kung sakaling magkamali sa pagpapatibay ng magulang/tagapag-alaga atbp sa pag-aapply at tumanggap kahit hindi nararapat tumanggap ay kailangang ibalik ang natanggap na halaga. Kung sakaling magsinungaling o magdaya at tumanggap ng Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral ay makulong ng 3 taon na may kasamang sapilitang paggawa o mas maiksi o kaya't magmulat ng 1,000,000 yen o mas mababa.

Huling araw ng pagsusumite o deadline:  
Abril \_\_\_\_ ( ), 2016

Osaka Prefectural ●● Senior High School  
(●●●) — ●●● — ●●●●



**Ano ang tax certificate atbp?**

Kailangang ilalipat ang isa sa alin man sa mga papeles na ito na nagpapatunay ng municipal income tax per-income basis sa fiscal year 2015 (*heisei 27*) (halagang binabase sa kita mula noong Enero 1 hanggang noong Disyembre 31, 2014) para sa pag-aapply sa pagkakataong ito. Ang mga papeles ng lahat ng magulang/tagapag-alaga (o may karapatan sa bata bilang magulang) ang kinakailangang isumite.

(1) [Para sa sambahayan na tumatanggap ng suporta sa pamumuhay (*seikatsu hogo*)]  
**Orihinal na kopya** ng "Sertipiko na Tumatanggap ng Suporta sa Pamumuhay" (Hindi maaari ang xerox copy.)  
Kailangang ito ay nagmula sa tanggapan ng suporta sa pamumuhay ng pamahalaang lokal nang hindi lalampas ng 3 buwan bago ang araw ng pag-aapply.  
Kailangang kayo ay tumatanggap ng suporta sa pamumuhay noong Enero 1, 2015 (*heisei 27*) para sa pag-aapply sa pagkakataong ito.

(2) [Para sa karaniwang empleyado]  
**Xerox copy** ng "Municipal Income Tax etc Collection Notice (Para sa mga dapat magbayad ng buwis)"  
Ipinamahagi ito galing sa inyong pinagtatrabahuhan sa mga empleyado noong nakaraang taon ng mga Mayo o Hunyo. Kung binagong halaga ng buwis dahil may ibang kita maliban sa kita sa inyong pinagtatrabahuhan o nawala ang papeles na ito, kailangan ang papeles na nakasaad sa (4).  
Nararapat na nakalahad ang buong detalye sa isang papel lamang tulad ng papel na laki ay A3 upang ang buong papeles na ito ay nakikita sa loob nito.

(3) [Para sa may sariling negosyo]  
**Xerox copy** ng "Municipal Income Tax/Prefectural Income Tax Payment Notice"  
Ipinapadala ito galing sa pamahalaang lokal na inyong kinabibilangan sa mga may sariling negosyo atbp. Kung nawala ang papeles na ito, kailangan ang papeles na nakasaad sa (4).  
Kung ang papeles na ito ay may ilang mga pahina, nararapat na ikopya ang lahat ng pahina sa parehong laki ng orihinal na papel.

(4) [Para sa mga walang papeles na nakasaad sa (1)-(3)]  
**Orihinal na kopya** ng "Municipal Income Tax (or Tax Exemption) Certificate"  
(Kailangang kumpletong nakasulat ang lahat dito.)  
Kailangang ito ay nagmula nang hindi lalampas ng 3 buwan bago ang araw ng pag-aapply. Hindi maaari ang xerox copy. Maaaring hingiin ito sa tanggapan ng pagpapatunay ng buwis ng pamahalaang lokal.  
May bayad ang paghingi ng papeles na ito.

Mga dapat ingatan  
(1) Hindi kasali ang "certificate of tax deducted (*Gensen Choshuhyo*)" at kopya ng "tax return (*Kakutei Shinkokusho*)" sa tax certificate atbp.  
(2) Kung ang isa sa mga magulang/tagapag-alaga (B) ay binabawasan ng buwis (tax exemption) dahil sa kanyang asawang walang gaanong kinikita (A) at ang "municipal income tax per-income basis" ng (B) ay 300,000 yen o mas mababa, hindi na kailangang isumite ang tax certificate atbp ng (A).  
Subalit kung ang mag-asawa ay nasa special exemption, nararapat na magsumite.

**Patnubay ng Pagsulat sa Application Form  
ng Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral sa Senior High School**

Kinakailangan itim o blue ballpen ang gagamitin sa pagsulat nito.  
Kung sakali mang magkamali sa pagsulat, guhitan ito ng dalawa at avusin.

Para sa pag-aapply sa pagkakataong ito, nararapat na ito ay nasa buwan ng Abril.

Sa mga mag-aapply sa tulong-pantustos, mangyaring itsek ang 「受給資格認定申請書」. Nararapat na ilakip ang tax certificate atbp na nakasaad sa pahina 4.  
Sa mga hindi mag-aapply sa tulong-pantustos, mangyaring itsek ang 「申請(又は届出)しない」. Kinakailangang magbayad ng matrikula.

Mangyaring isulat ang baytang, klase, numero ng mag-aaral.  
Mangyaring isulat ang pangalan sa hiragana at pangalan ng mag-aaral.

Mangyaring isulat ang kapanganakan at tirahan ng mag-aaral.  
Mangyaring isulat ang telepono ng tagapag-alaga na maaaring itawagan sa araw.

Sa mga hindi mag-aapply, hanggang dito ang inyong susulatan.  
Sa mga mag-aapply, mangyaring basahin at tiyakin ang (A) sa ibaba at itsek ang dalawang kahon.

Mangyaring isulat ang panahon ng pagpapatala sa paaralan. Ang isusulat na panahon ng bagong pasok na mga mag-aaral ay mula Abril 1, 2016 (heisei 28). (Hindi mula sa araw ng seremonya ng pagpasok.)

Kung ito ang unang beses na pagpasok sa senior high school sa bansang Hapon, mangyaring itsek ang kahong ito.

Kung sakali man nakapag-aral sa ibang senior high school, mangyaring isulat ang pangalan atbp ng lahat ng paaralan na pinasukan kung ito ay pambansa, pampubliko o pampribado. Kung natanggap ang tulong-pantustos dati, kailangan ang "paunawa ng pagkawala ng dahilan upang tumanggap" o "papeles na nagpapatunay ng talaan ng pagtanggap".

(A)  
Mangyaring tiyakin ang mga nakasaad sa ibaba para sa pag-aapply ng tulong-pantustos.  
Walang mali sa mga nakasulat sa papeles na ito.  
Kung sakaling magsinungaling o magdaya at tumaggap ng Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral ay maaaring kailangang ibalik ang natanggap na halaga at makulong ng 3 taon na may kasamang sapilitang paggawa o mas maiksi o kaya't magmula't ng 1,000,000 yen o mas mababa atbp.

[Sa harapang pahina]

[Sa likurang pahina]

Kung sakaling may panahon kung kailan hindi tumanggap ng tulong-pantustos dahil tumigil sa paaralan atbp, mangyaring isulat ang panahong ito.

Mangyaring basahin at tiyakin ang (B) na nakasaad sa ibaba ukol sa pag-aasikaso ng tulong-pantustos kung aaprobahan ang pag-aapply at mangyaring itsek ang kahon.

(B)  
Mangyaring tiyakin ang mga nakasaad sa ibaba ukol sa pag-aasikaso ng tulong-pantustos.  
Ang tulong-pantustos na ibibigay ng pambansang pamahalaan ay gagamitin sa pagbabayad ng kaukulang matrikula ng mag-aaral. Ibibigay sa Board of Education ang kapangyarihan ng gawain sa pamamaraan para sa pagbibigay ng tulong-pantustos.

Sa pag-aapply sa pagkakataong ito, mangyaring isulat ang kalagayan sa Abril 1. Kung aaprobahan, ang panahon ng pagtanggap ng tulong-pantustos ay mula Abril hanggang Hunyo. Kailangang mag-aapply uli para sa mga buwan mula Hulyo.

Mangyaring piliin ang kalagayan ng magulang/tagapag-alaga atbp at itsek ang nababagay na kahon. Mangyaring ilakip ang kinakailangang papeles.

【1】Kung may dalawang magulang/tagapag-alaga at ilalaking ang tax certificate atbp ng dalawa.  
【2ア】Kung ang isa sa mga magulang/tagapag-alaga (b) ay binabawasan ng buwis (tax exemption) dahil sa kanyang asawang walang gaanong kinikita (a) at ang "municipal income tax per-income basis" ng (b) ay 300,000 yen o mas mababa⇒Hindi na kailangang isumite ang tax certificate atbp ng (a). Ang tax certificate atbp ng (b) lamang ang kailangang ilakip.

【2イ】Kung alin man sa mga magulang/tagapag-alaga ang nakatira sa labas ng bansang Hapon noong Enero 1, 2015 (heisei 27) kung kaya't hindi kailangang magbayad ng "municipal income tax" dahil nagtatrabaho atbp sa ibang bansa⇒Ang tax certificate atbp ng magulang/tagapag-alaga na nakatira sa bansang Hapon lamang ang kailangang ilakip.

【2ウ】Kung sakaling nag-isa ang magulang/tagapag-alaga dahil sa paghiwalay, pagkamatay atbp, o kung hindi maaaring ilakip ang tax certificate atbp ng isa sa mga magulang/tagapag-alaga dahil sa hindi maiiwasang kadahilanan⇒Ang tax certificate atbp ng isang magulang/tagapag-alaga lamang ang kailangang ilakip. Ang "hindi maiiwasang kadahilanan" ay tulad ng pagkawala, domestic violence, hindi pagbibigay ng sustento atbp.

【3】Kung walang magulang/tagapag-alaga at hinirang ang tagapag-alaga ng menor de edad⇒Ang tax certificate atbp ng lahat ng mga tagapag-alaga ng menor de edad maliban sa organisasyon o kumpanya na hinirang bilang tagapag-alaga ng menor de edad atbp ang kailangang ilakip.

【4】Kung walang magulang/tagapag-alaga at tagapag-alaga ng menor de edad at may taong bumubuhay⇒Ang tax certificate atbp ng taong bumubuhay at ang papeles na nagpapatunay ng pagbibigay ng suporta sa mag-aaral tulad ng kopya ng health insurance card ng mag-aaral ang kailangang ilakip.

【5】Kung walang magulang/tagapag-alaga at tagapag-alaga ng menor de edad at walang taong bumubuhay, at ang mag-aaral ay 20 taong gulang na o mas matanda na o ang mag-aaral ay menor de edad pa subalit may permanenteng kinikita ang mag-aaral mismo⇒Ang tax certificate atbp ng mag-aaral mismo ang kailangang ilakip.

【6】Kung ang mag-aaral ay nasa welfare facility kung kaya't hindi maaaring isumite ang mga papeles na may kinalaman sa kita ng magulang/tagapag-alaga atbp at walang permanenteng kinikita ang mag-aaral⇒Hindi kailangang ilakip ang papeles.

【7】Kung hindi kailangang magbayad ng "municipal income tax" dahil ang lahat ng magulang/tagapag-alaga atbp ay nakatira sa labas ng bansang Hapon noong Enero 1, 2015 (heisei 27)⇒Hindi kailangang ilakip ang papeles.

Mangyaring isulat ang pangalan at kaugnayan sa mag-aaral ng magsusumite ng tax certificate atbp.